

1



"Your credentials are very impressive, Miss Niola," deklarado ni Wolf. Si Diosdada 'Dixie' Niola ang ikalabintatlong aplikante para sa posisyong executive a*sistant o EA. Sa lahat ng aplikante ay ito ang nagustuhan niya.

Dixie pa*sed all examinations and was highly recommended by the recruitment head for the final interview. She graduated *cum laude*, had attended numerous workshops and seminars, and even joined a few nation-building movements.

But so were the others.

Bukod-tanging ito lang ang hindi nagpakita ng interes sa kanya bilang lalaki. And that was his only requirement. Hindi niya kailangan ng EA na nakatunganga lang sa kanya at buong araw siyang pinagmamasdan. Ang huling EA niya ay hindi pumasa sa fourth month review. Paano ba ito papasa kung wala na itong ginawa kundi palihim siyang kuhanan ng pictures? She flirted with him hardcore. Parati itong nakaliyad o nakatuwad.

Inignora niya ang lahat ng pagpapapansin nito sa kanya. Nagdamdam ang babae at sumama sa

company driver na matagal nang may gusto rito. Nagkayayaang uminom ang dalawa at nakalimot. Nabuntis ito.

Hindi siya nito matingnan sa mata at nag-file ng immediate resignation. He would have fired her, had she not handed her separation letter first. Good riddance.

“Thank you, Sir.”

Muling hinayon ng tingin ni Wolf ang aplikanteng nakaupo sa visitor’s chair, sa harapan ng executive desk. Maliit ang mukha nito na tila ipinako sa iisang emosyon lang—pormal na pormal kahit nakangiti. Mahigpit na nakapusod ang buhok nito. She wore the typical white blouse and formal slacks that applicants wore to interviews. Isang pulgada lang ang takong ng suot nitong itim na sapatos.

She looked efficient and no-nonsense, kung ang pagbabasehan ay ang pisikal nitong anyo at ang recommendation letter mula sa presidente ng dating kompanyang pinagtrabahuan nito nang dalawang taon. She had to resign from her previous job in Sta. Barbara, Iloilo due to relocation reasons. Nagdesisyon ang pamilya nitong lumipat ng Cebu.

Tumayo siya at sumandal sa gilid ng mesa, nakasuksok ang mga kamay sa magkabilang bulsa ng pantalon. “May boyfriend ka na ba, Miss Niola?”

kaswal niyang tanong. His eyes were intent on her and he couldn't decide whether to admire or hate her stiffness. Wala pang babaeng hindi kumislap ang mga mata kapag namamasdan siya. Dixie was different. Kayang-kaya siya nitong tingnan sa mga mata nang derecho.

“Yes, I do have.”

He abruptly turned away to hide his frown. “Gaano na kayo katagal?” Lumabas na iyon bago pa man niya maitikom ang mga labi. Shit! Nang balingan niya ang dalaga ay magkasalubong ang mga kilay nito sa labis na pagtataka.

“I'm sorry, I know it's too personal. You don't have to answer it.” Hindi alam ni Wolf kung bakit nakaramdam siya ng inis nang sabihin nitong may boyfriend na ito. Mas pabor dapat iyon sa kanya. “You're hired,” he pronounced blandly. Pilit niyang itinago ang paglitaw ng ismid sa kanyang mukha. Bumalik siya sa likod ng executive desk at inabot ang mga dokumentong nasa ibabaw niyon.

“T-tanggap na ho ako, Sir?”

“You heard me, Miss Niola. And before I endorse you to HR, may iilang bagay lang akong gustong ipaalam sa iyo. One, I demand efficiency and effectiveness from my employees. Two, do not ever flirt with me.”

Tumaas ang isang sulok ng bibig ni Dixie, puno ng pang-uuyam. “Duly noted. Please know that I am not interested in you, Sir. Nothing interests me more than my work here and the salary package.”

“Good,” matigas niyang sambit. The woman was beginning to get on his nerves. Tama ba ang desisyon niyang ito ang piliin para maging executive a*sistant? Pero na kay Dixie na ang kabuuang gusto niya para sa posisyon—pormal, matalino, at walang gusto sa kanya. Ano ngayon ang inirereklamo niya? Bakit naiinis siya sa isiping hindi ito attracted sa kanya?

Pinindot ng binata ang handset sa tabi ng desktop at tinawagan ang extension line ng HR Department. “Dexter, I’ll send Miss Niola to your office. Prepare the contract. Thank you.” Binalingan niya ang dalagang nakaupo pa rin sa kanyang harapan matapos niyang maibaba ang telepono.

His eyes lingered on her face longer than necessary. Bumaba ang tingin niya sa mga labi nito. Her sexy lips were so kissable, and would probably taste like sweet wine. The urge to kiss her was so strong, stronger than any sexual desire he had ever felt before. He had to grit his teeth and forcibly restrain himself before his inner demons break loose. Ano ba ang mayroon sa dalagang ito? Hindi naman ito ang tipo ng babaeng pag-uukulan niya ng atensyon.

Tumikhim si Dixie, huling-huli nito ang tiim ng pagkakatingin niya rito. Binawi niya ang tingin at pinapormal ang mukha. He felt stupid. He was acting weird. Isinisisi niya iyon sa hindi aktibo niyang sex life nitong nakaraang buwan. Ang girlfriend niyang si Lexy ay kakapirma lang ng kontrata para sa *ZB Cosmetics* sa New York at ilang buwan din itong mananatili roon. Reto ng ama niya si Lexy. Unica hija ito ng kapartido nito sa pulitika. Totoong humanga siya rito sa unang pagkikita pa lang nila. Wala siyang maipintas sa dalaga. Maganda ito, mabait at maabilidad. And she had a genuine heart for the underprivileged Filipino children—isang bagay na nagustuhan niya rito nang husto.

Ipinakilala sa kanya ng ama si Lexy isang buwan pagkatapos idaos ang kasal ni Julia, his first love, sa asawa na nito ngayong si Clay Santa Maria. He was in Brooklyn on the day of Julia's wedding. Hindi niya kayang panoorin itong ikinakasal sa ibang lalaki. Pero hindi na iyon ang kaso ngayon. Masaya na siya para sa kaibigan. And Lexy was a blessing. Pakakasalan na niya ito kapag natapos ang kontrata nito sa *ZB Cosmetics*.

“You can go now. Dexter will see you in HR office for the job offer and contract signing,” aniya, nakatuon ang mga mata sa hawak na dokumento.

Hindi na siya nangahas sa tapunan man lang ng tingin ang dalagang nakaupo pa rin sa harapan niya.

“Thank you, Sir.”

Eksasperado niyang ibinagsak ang mga hawak na dokumento sa mesa pagkalabas ni Dixie. What the f*ck was wrong with him? Her earthy scent still lingered. At hindi maganda ang epekto niyon sa kanya. After Julia, hindi na niya naramdaman ang ganitong emosyon. Ngayon na lang ulit.

“Shit!”

2



Wolff stifled a curse when he felt a vein pulse in his head. Masakit ang ulo niya. Hindi siya nakatulog nang maayos at buong gabi siyang binagabag ng imahe ni Dixie—his good as cold meat executive a*sistant. Isang linggo na nitong ginagampanan ang papel bilang EA niya, at isang linggo na rin siyang hindi makatulog nang maayos sa gabi. God, help him!

Itinulak niya ang double gla*s door ng executive office, sapo ang sentidong pumupulso sa kirot. Awtomatikong dumako ang mga mata niya sa babaeng seryosong nakatutok ang mga mata sa computer. Suot nito ngayon ang makapal na salamin sa mata. Minsan nagsusuot ito ng contact lenses. Ang pagkakaalam niya, malabo ang mga mata nito. But even with her thick eyegla*s, kaakit-akit pa rin itong tingnan.

Dixie wore basic makeup. Her hair was neatly pinned into a knot at the back of her head. The white button-up shirt and the black pencil skirt looked good on her. Tuwid na tuwid ang likod nito at nakataas ang baba kahit na nakatitig sa screen ng

computer. Yet, she oozed with sensuality. There was something about her that made him want to spread her p*ssy and f*ck her senseless. Kahit na balot na balot ito ay malakas ang pagnanasa niya rito.

Tumaas ang kilay ng dalaga nang sa wakas ay mapansin nito ang presensya niya at mabilis na dumako ang mga mata sa kamay niyang nakasapo sa kanyang ulo. "Good morning, Sir." May nakaplaster nang pormal at malamig na ngiti sa mga labi nito.

God, her coldness irritated him! Ganito rin ba ito kalamig sa nobyo nito? Napailing siya. He would never bed a deadfish, not in this lifetime.

Aanhin niya naman ang maganda kung dinaig pa nito ang rebulto sa tigas at lamig pagdating sa sex? Ano nga ang tawag nila roon? Pang-display lang sa museo? Collector's item? Magandang tingnan, bawal hawakan? Pero hindi na niya problema kung malamig ito sa kama.

"I need coffee. No sugar. Now." Dumerecho na siya sa opisina at umupo sa swivel chair. Inihilig niya ang likod ng ulo sa sandalan ng upuan at ipinikit ang mga mata.

"Sir, kape n'yo. Walang asukal. And, *Biogesic* for mild to moderate pain. Para sa sakit ng ulo. Proven by millions, effective, kahit walang laman ang tiyan. Side effects may include dizziness, drowsiness, constipation, stomach upset, blurred vision, or dry

mouth. If any of these effects occur, tell me promptly.” Inilapag nito sa mesa niya ang gamot at ang tasa ng umuusok sa init na kape.

Nagmulat si Wolf at matiim na pinagmasdan ang babaeng nakatayo sa harapan niya. She spoke like a robot. Halos hindi gumalaw ang pilikmata nito habang nagsasalita. Walang kahit mumunting gusot sa damit nito. Hinayon niya ito ng tingin mula ulo hanggang paa.

Aha! May bahid ng maliit na dumi ang dulo ng sapatos nito. Sinasabi na nga ba niya, may makikita rin siyang mali rito. Ngumisi siya para lang mapasimangot nang maisip kung gaano siya kababaw.

“Whoever said I need that? Hindi ko hininging dalhan mo ako ng gamot,” pasuplado niyang sabi.

Tumaas ang kilay nito. “Masakit ang ulo mo.”

“My problem, not yours. Kapag hindi ko hiningi, huwag mong ibigay. Ang ayaw na ayaw ko sa lahat ay pinangunahan ako. You can leave now.”

Tumitig lang sa kanya ang dalaga. Hindi niya mabasa ang emosyong nasa likod ng blangko nitong mukha. And he hated it. Lalo na nang umalsa ang isang sulok ng mga labi nito na parang nang-uuyam.

“You’re in a foul mood, I’m sorry. Hindi na kita pakikialaman.”

Gusto niyang iuntog ang ulo. He acted like a jerk.

“Dixie,” tawag niya rito. Hinilot niya ang pagitan ng mga mata. Bakit ba pakiramdam niya ay miserable siya dahil lang sa pinakitaan niya ng hindi maganda ang babae? “Pasensya ka na. I woke up on the wrong side of the bed.”

Tumango lang ito. “You don’t have to apologize, Sir. Babalik na ako sa puwesto ko.”

“Iwan mo na lang rito ang gamot. Iinumina ko iyan mamaya. Safe ba iyan?”

Gumuhit ang magaan at totoong ngiti sa labi mga nito. Nagdiwang ang puso ni Wolf—pumalakpak na may kasamang isang padyak at malakas na yey! Hindi niya maalis ang tingin sa ngiti nito. He was mesmerized by her smile.

“It is safe,” ani Dixie.

*Are you safe too? Can I f*ck you now? Please say yes.* Ipinilig niya ang ulo. Bakit ba kung anu-anong kabastusan ang pumapasok sa utak niya? Siya dapat ang tinatanong nito kung ligtas ba ito sa kanya, because he could not guarantee her safety, not when she was making him horny every f*cking day!



“That conservative chick outside is your EA?” tanong ni Leon Rodrigazo, CEO ng *Rodrigazo Mining and Power Corp.* Mabuting kaibigan ito at iisang mundo lang ang ginagalawan nila. They were rich and powerful businessmen in Asia. Kasama sa

listahan ang magpinsang Crexus at Clay Santa Maria. Si Crexus, CEO ng *Santa Maria Chocolere Empire (SMCE)*. Si Clay, General Director ng *Santa Maria Imperium (SMI)*. Kabilang din si Yarrick Sanvezera, ang mukhang maharlikang hindi na mabilang sa dami ang mga properties.

“Yes,” walang bahid ng interes niyang tugon o mas tamang sabihing iyon ang gusto niyang palabasin. That he was not a bit interested in her.

“Pero iba kung tumitig, brod. Kahit walang intensyong mang-akit ay nakakapanggil pa rin. Pormal na pormal pero nag-uumapaw ang karisma.”

Nagpatung-patong ang gatla sa noo ni Wolf, awtomatikong nag-init ang kanyang ulo. Ayaw niyang pinag-iinteresang ng iba ang empleyado niya.

Iyon lang ba talaga ang dahilan? tukso ng isang bahagi ng utak niya.

Sumimangot siya at pinukol ng masamang tingin ang kaibigan. “F*ck off, Leon. Huwag mong pakialaman ang EA ko.”

Napapantastikuhan ang tinging ibinigay sa kanya ng lalaki. “Binabakuran?”

His nose flared. Ikinumpas niya ang kamay. “Hell, no! She’s not really my type and besides, I am already getting married.”

“You are? To Lexy?”

“Kanino pa ba? Alangan namang sa unang

babaeng papasok sa opisina ng ito,” puno ng sarkasmo niyang sabi na ikinatawa lang ni Leon. “Magpropose na ako pagkatapos ng kontrata niya sa ZB. I think it’s time for me to settle down and have kids. Hindi na tayo bumabata. Before we know it, may uban at rayuma na tayo.”

“And worst, baka hindi na mag-cooperate si Kapitan!” ngingisi-ngising dagdag nito, ininguso ang ibabang bahagi ng katawan. “Wow! Magpapatali ka na rin talaga kagaya ng magpinsan at ni Yarrick. We have to celebrate! May bagong bukas na bar diyan sa malapit. Game?”

“Yeah, I could use a few beers tonight! Wala naman nang kailangang pagkaabalahan dito ngayon. The business is doing well.” Kinuha niya ang coat sa sandalan ng highback swivel chair.

“Smooth! Let’s go!”

Tatlong katok sa pinto ang umagaw sa atensyon nila. Sumungaw si Dixie. Umangat ang magkabila niyang kilay nang makitang ayos na ayos ito na parang makikipagkita sa boyfriend. “Sir, may ipapagawa pa ho ba kayo? Kung wala na, mauuna na ho ako.”

Napatingin siya sa wristwatch; ten minutes to six. Kadalasan ay late nang umuwi ang EA niya. Hindi siya sanay na nagpapaalam ito nang maaga ngayon.

“It’s early,” komento niya.

“May date po kami ng boyfriend ko.”

Awtomatiko ang pagdilim ng mukha niya. “Date?”

Tumingin sa kanya si Leon bago ngumisi nang nakakaloko. “I’ll enjoy this,” he murmured, grinning.

“What?” baling niya sa kaibigan.

“Nah! Huwag mo akong pansinin. May pinag-uusapan kayo ng EA mo.” Tumuon ang atensyon ni Leon sa dalaga. “Monthsary?”

Sandaling hindi umimik si Dixie bago determinadong tumango. “Yes.”

Lumawak ang ngisi sa labi ng lalaki. Lumakad ito patungong couch at ibinagsak ang katawan doon. “Nice. Yeah, you can go. Spend quality time with your boyfriend. Baka nga magregalo pa ng room sa isa sa mga prestigious hotel niya itong si Wolf.”

Matalim ang tinging ipinukol ni Wolf sa kaibigan. “Ikaw ba ang boss niya?” Nagkikiskisan ang mga bagang niya sa inis. Inihagis niya sa couch ang coat at bumalik sa likod ng executive desk. “Hindi ka pa puwedeng umuwi. Marami pa tayong kailangang tapusin ngayong araw. We have to extend until ten.” His face was grim as he told her the bad news.

“10 PM?” gulat na ulit ni Dixie.

Hindi makapaniwalang napatitig sa kanya si Leon, nakakaloko pa rin ang kislap sa mga mata nito. “Akala ko ba ang s’abi mo kanina ay wala nang kailangang pagkaabalahan ngayon dito?”

“Kanina iyon, Leon. Ngayon ko lang naalalang marami pa palang kailangang tapusin.” He smiled with a wry twist of his mouth, intently looking at Dixie’s disappointed face. “So, cancel your date, Miss Niola.”

Kung ang paniningkit ng mga mata ng dalaga ang pagbabasehan, natitiyak niyang nagpupuyos ang kalooban nito. The hell he cared! Makikipagkita lang naman ito sa boyfriend nito. Date, his a*s!

“Can I say something, Sir?” Mababakas ang tinitimping galit sa maganda nitong mukha.

Ikiniling niya lang ang ulo.

“You are an a*s*hole.” Pagkasabi niyon ay tumalikod na ito. Si Wolf naman ay naiwang nakanganga.

“Burn! That was crisp, brod! Mabagsik ang EA mo!” Tawang-tawa si Leon. “At ano na nga ang s’abi mo kanina sa unang babaeng papasok dito sa opisina mo? I like that version way better.”

“Pagsisisihan niya ang sinabi niyang iyon!” nagngingitngit niyang sabi. His lips curled into a nasty frown. “I’ll cut out her f*cking tongue next time!”

3



"Gross discourtesy to a senior officer?" nanlalaki ang mga matang basa ni Dixie sa nakasulat sa memo. "And you are dismissing me?"

Hindi inaalis ni Wolf ang pagkakatatig sa mukha ng executive assistant niya habang hinihimas ang papatubong balbas sa kanyang baba, nakapagkit ang gumaganting ngisi sa labi. Minasdan niya itong mabuti; kontrolado ang panginginig ng boses nito, pero ang pagtaas-baba ng dibdib ay senyales na nagpupuyos ang kalooban ng babae.

"Yeah, your asshole of a boss can actually terminate your employment. Nagulat ka ba? Nagulat din ako. Akalain mo iyon? Puwede ka palang mawalan ng trabaho kung gugustuhin ko," nakakaloko niyang sabi, malinaw ang sarkasmo sa boses. "You are fired, Miss Niola."

Pinatigas ng dalaga ang mukha nito. "I demand my right to due process. This is illegal dismissal. Hindi man lang ako nabigyan ng pagkakataong ipagtanggol ang sarili ko. Hindi tama ito, lalaban ako."

Naningkit ang mga mata ni Wolf. Ito ang

unang pagkakataong may empleyadong ikinaskas sa pagmumukha niya na illegal dismissal ang gagawin niyang pagtanggap dito sa trabaho. Ano ang karapatan nitong hamunin ang katatagan ng desisyon niya? Gustong lumaban, despues, ibibigay niya. He smiled wickedly at her, an almost devious look on his face.

“By all means. Get a legal counsel or a lawyer. Whatever makes you happy.” Pagkasabi niyon ay tahasan na niyang inignora ang presensya nito. Itinuon niya ang mga mata sa mga pinipirmahang dokumento. Nagulat siya nang biglang hilahin iyon ni Dixie. Nagbabaga ang mga mata nito. He could tell that she was painfully mad.

“I am sorry for calling you an as*hole,” simula nito, bagaman walang himig ng pagsisisi sa boses.

He raised his brows at her, daring her to continue. Let the hellcat fight with all her might.

“But I think someone ought to tell you that you are an as*hole, c*cksucker, chauvinist pig!” Her little mouth spewed out foul words.

Wolf could read ‘profanity’ across her beautiful face. Hindi naman pala ito ganoon ka-composed. Naubos din ang kontrol nito sa katawan. And he liked Dixie better in her savage mode. Imbes na magalit ay lalo lang siyang naaliw rito. Ipinagkrus niya ang mga braso sa tapat ng dibdib at napapantastikuhang tumitig sa dalaga. “Correction, I don’t suck c*cks,

baby.” Bumaba ang tingin niya sa katawan ng EA. “I eat p*ssies,” he teased, at sinabayan iyon ng mapang-akit na kindat.

Nanlaki ang mga mata ng kausap niya at halos suminga ito ng apoy. “Napakabastos mo!” hiyaw nito at inihagis sa mukha niya ang hawak nitong mga papeles. “Magpa-file ako ng kaso at sisiguruhin kong matatalo ka!” Pigil pa rin ang pangangatal at suwabe ang pagkilos na tumalikod ito at tuluy-tuloy nang lumabas ng silid.

Sa kabila ng mainit na sagutang naganap ay napangisi pa rin ang binata. “Graceful.” Hindi niya maalis ang tingin sa malapad na balakang at maumbok nitong puwit. He wondered how many men were willing to die just to touch her wonderful a*s? Napailing siya at ibinalik ang atensyon sa mga pinipirmahang dokumento na halos lamukusin na ni Dixie kanina.



Hindi malaman ni Wolf kung maiinis or matatawa siya habang binabasa ang natanggap na summon letter. Tinotoo nga ni Dixie ang banta nitong mag-file ng kaso. Inirereklamo nito ang ilegal na pagtanggap dito sa trabaho at sinisingil ang hindi nagamit na leave credits.

“You don’t have to attend the conciliation conference, Mr. Gaston. Ako na ang bahala sa kasong

ito,” anang abogado ng kompanya, Si Atty. Cayabyab. Nasa cuarenta y cinco pa lang ang edad nito, pero manipis na ang bahaging tuktok ng ulo at inuuban na ang patilya. Minsan gusto niya itong bilhan ng blackening shampoo para sa mga naglilitawan nitong uban. Sa tingin niya rin ay masyadong payat si Atty. Cayabyab.

He smiled slyly. “Gusto kong dumalo, Attorney.” Madali niyang kinuha ang susi ng bagong bili niyang *Honda Civic Type-R*. Nasa pinto na siya nang maisipang lingunin ang abogadong hindi na gumalaw sa kinatatayuan at nagtataka sa mga ikinikilos niya. Hindi nga naman normal na tila sabik pa siyang makita ang taong nag-file ng illegal dismissal laban sa kanya. Well, he couldn’t help it, he wanted to see the little hellcat. “Atty. Cayabyab, tara na,” tawag niya sa abogado. Tumango naman ito at sumunod na sa kanya. Tinawag niya ang kanyang temporary EA. “Hey, Fred, you know how to drive?”

Sandaling napatunganga ang tinawag na Fred bago ito alanganing tumango. Naninibago ito dahil hindi niya naman ito madalas kausapin. Kinakausap niya lang ang lalaki kapag may gusto siyang ipagawa.

“Great! Ipag-drive mo kami.” Inihagis ni Wolf ang car key sa lalaki at maliksi pa rin ang kilos na naglakad palabas ng gusali.

Hindi mawala-wala ang ngisi sa mga labi niya

habang daan patungong ahensya. He couldn't wait to see Dixie again and her favorite all-week outfit—white blouse, formal slacks, and black shoes. “Finally, we are here!” anunsyo niya. Once they came to a stop, he jumped off the car. Napailing na lang si Atty. Cayabyab na nakasunod sa kanya papasok ng ahensya.

Namataan agad niya si Dixie at tama ang hinala niya. She wore her immaculate white blouse, and her favorite formal slacks and shoes. Mahigpit ang pagkaka-bun nito sa buhok. He wondered if her head hurt with all that thick hair tied back so tight. Nakaupo ito sa isa sa mga nakahilerang upuan sa tapat ng silid kung saan gaganapin ang conciliation conference. May kausap itong nakabarong na lalaki na kasing-edad lang marahil ni Atty. Cayabyab. Payat din ito at may uban pero ang kaibahan lang ay malago pa ang buhok nito.

“Hi again, Miss Niola. Kumusta ka na?” nakangising bati ni Wolf sa dalaga, nagkukunwaring maamo. Hindi umimik si Dixie at pinukol lang siya ng matalim na tingin. Wala pang limang minuto ay pinatawag na sila sa loob ng silid para sa mandatory conciliation-mediation.

Puno ng tensyon ang linya ng panga ni Dixie, pormal na pormal ang mukha nito, at derecho sa punto kung magsalita. “Tinanggal na lang ako

basta-basta ni Mr. Gaston. Naniniwala akong hindi makatarungan ang pagkakatanggal sa akin. Walang due process. Ni walang in-issue sa aking termination papers. Kung naniniwala siyang may nagawa akong hindi umaayon sa polisya ng kompanya, dapat ay binigyan pa rin niya ako ng karapatang maipaliwanag ang sarili ko. Walang notice of explanation, walang preventive suspension, walang hearing, walang legal na mga dokumento.”

Napailing-iling ang opisyal. Pinag-aralan nito ang mga dokumentong inihain ng kampo ni Dixie. Nagtanong ito kalaunan kung may settlement offer ang partido nila. Ang gusto ni Dixie ay bayaran ng kompanya ang mga unused leave credits nito, ibigay ang prorated income tax return and 13th month pay, at bigyan ito ng maayos na separation pay.

Holy cow, the nerve of this woman! Nasa probationary period pa lang ito at hindi pa nga tuluyang nare-regularize sa trabaho. If not for her wonderful a*s, baka unang araw pa lang ay pina-terminate na agad niya ito. The woman was stiff! Oo at ayaw nga niya sa EA na nilalandi siya, pero sobra-sobra naman ang kapormalan ni Dixie.

Hindi umayon sa settlement ang kampo niya. Tiyak na matagal bago matapos ang kasong iyon. Ano naman ang pakialam niya? Kung iniisip ni Dixie na makukuha nito ang gusto ay nagkakamali

ito. He would never let her win. Isa pa, ano pa ang halaga ng isang mahusay na abogado kung hindi nito maipapanalo ang kaso? Si Atty. Cayabyab na ang bahala sa lahat. And he could get back to his business. Hindi si Dixie ang pag-aaksayahan niya ng oras.

Lumabas na siya ng ahensya at lumulan sa kanyang sasakyan. He wore his luxury sungla*ses and rolled down the window. Inabutan niya ng limang daan si Fred. “Get a taxi. Isama mo na si Attorney. May pupuntahan pa ako,” nakaismid niyang sabi. Hindi pa siya tuluyang nakakalayo nang mamataan niya ang pamilyar na pigura ni Dixie, his ex-EA.

Nakatayo ito sa gilid ng kalsada at malamang ay naghihintay ng taxi. Pumarada siya sa kabilang gilid ng kalsada at pinanood ang dalaga. Tinted ang salamin ng kotse niya kaya komportable siyang panoorin ito. He watched her, contemplating. Iniisip niya kung susundan ba niya ito o hindi.

At bakit nga naman niya ito susundan na parang siraulong stalker? For the record, hindi pa siya nasisiraan ng ulo.

He was about to press down on the gas pedal but changed his mind. Inis niyang hinampas ang manibela. Dixie was driving him insane!

Nang sumakay ng taxi ang dalaga ay sinundan niya pa rin ito. Bumaba ito sa *Alona* pastry shop at

nagkiskisan ang mga bagang niya nang makitang sinalubong ito ng lalaking lakas maka-Korean idol ang porma—blue steel grey ang kulay ng buhok at nakakulay kapeng trench coat. Kahit sa malayo ay natitiyak niyang singkit ito at mapula ang mga labi.

Ang lalaki ba ang sinasabi nitong boyfriend?

“Okay, f*ck, you win!” Kinuha niya ang cellphone at tinawagan si Atty. Cayabyab. “Attorney, please call Miss Niola. I’ll make her an offer she cannot refuse... reinstatement plus 500,000 pesos.” Ibinaba na niya ang telepono pagkasabi niyon. Muli niyang pinukol ng masamang tingin ang pastry shop.

“I want you, Dixie. I’ll make you mine. And I don’t care if things get messy and dirty.”

4



"So, Dix, game ka ba? Plano ng grupong mag-organize ng event para magkita-kita ang mga fans ng *Shinonga*." Ang *Shinonga* ay grupo ng mga purong Pinoy na may panghatak ala-Korean oppa. Nag-viral ang *Shinonga* nang mag-post ang isang member, si Vetsin, ng 24-hour jowa challenge sa *YouTube* kasama si Pancha na tintera ng suka sa *Pukab Market*. Maraming kinilig sa paghihigupan at pagsusubuan ng dalawa ng balut, at pagdakmadakma ni Pancha sa matambok na puwit ni Vetsin. Iyong Vetsin, kilig na kilig naman.

Lima ang miyembro ng *Shinonga*—sina Vetsin, Knor Kibs, Pande Kuro, Talala Long, at Bekene Men. Ang magkakaibigan na hindi naman magkakadugo ay may puting tila ibinabad sa *Perla white* at ilong na parang tinurukan ng pampatangos pero hindi naman fake. Litanya tuloy ng lima sa mga bashers na nagsasabing retokado ang ilong nila: "*You do note!*" Nagkataon lang daw talagang pare-pareho silang mapuputi at matatangos ang ilong.

Si Vetsin talaga ang kinahuhumalingan ni Dixie. Nasaksihan niya ang ginawa nito at ni Pancha sa

Pukab Market—ang paghihigupan ng sabaw ng balut. Namimili siya noon ng hipon, kalahating kilo lang dahil kulang sa budget, nang biglang malingunan niya ang dalawa. Kintab ng *feys* ni *koya*, in fairness. Gla*s skin lang ang peg nito. Napahanga siya sa sarap nitong ngumuya kahit na sumobra sa twenty days ang fertilized egg at maypa-tuka and feathers na ang baby duck!

Mula noon ay naging avid fan na siya ni *Koyang Vetsin* ng grupong *Shinonga*. Inangkin na rin niya itong boyfriend, kahit na hindi ito na-inform sa bagay na iyon. Kapag may meet-and-greet ay palaging present siya. Kasama niya si Kix sa lahat ng kanyang kabaliwan dahil sobrang iniidolo nito si Knor Kibs na pinakatahimik sa grupo pero siya ring pinakamasarap... magkuwento!

Pinagmasdang maigi ni Dixie si Kix habang wala sa loob na nilalaro nito ng straw ang yelo sa iced tea. Si Kix ay adopted son ng ninang niya. May mala-Korean oppa rin itong karisma. Sa buhok pa lang nitong blue steel grey at malupit na trench coat ay maraming babae na ang nahuhumaling dito. Pero siyempre wala pa rin itong panama sa self-declared boyfriend niyang si Vetsin.

Kaya masamang-masama ang loob niya kay Wolf nang hindi siya payagang makauwi nang maaga dahil anniversary noon ng *Shinonga* at nakalaan dapat ang

oras niya after office hours sa kanyang inaangking boyfriend. Pero dahil nuknukan ng sama ang boss niyang si Wolf ay pinag-overtime siya nito hanggang alas diez ng gabi at gustong ipakansela ang date niya sa kanyang fantasy boyfriend.

Napaismid siya nang maalala si Wolf. Akala siguro ng lalaking iyon ay guwapung-guwapo siya rito. Hindi man lang lumaktaw ng kahit isang tibok ang puso niya pagkakita niya sa ex-boss. Immune siya sa karisma ng isang Wolf Gaston dahil singkit ang gusto niya na makintab pa sa baldosa ang kutis. Na kay Vetsin lahat iyon, kaya kahit na siguro maghubad si Wolf sa harapan niya at magpakita ng tiyan na tadtad ng abs ay wala siyang pakialam.

“Hoy, Dixie, ano na?”

“Oo nga, game ako. Ako pa ba? Basta para sa boyfriend ko!”

“Loka-loka! Kapag talaga para sa *Shinonga* ay nagloloka-lokahan ka. Nag-iibang anyo ka, Diosdida! Kuyog-hangin ka, 'no?”

“Gagi! Siyempre dapat kapag sa trabaho ay pormal tayo. And speaking of work, wala na nga pala akong trabaho. Pinatalsik ako ng boss kong may kulugo sa ulo.”

Nagsalubong ang magkabilang kilay ni Kix, hindi makapaniwalang na-terminate siya. “Weh? Hoy, di nga? Pinatalsik? Sa husay at galing mong iyan?”

Nagkibit-balikat lang siya. “Sinabihan ko siyang as*hole, eh. Ayun, nagalit.”

“What! Sinabihan mong as*hole ang boss mo? Baliw ka rin, ano!”

Itinirik niya ang bola ng mga mata. “Dapat lang sa kanya iyon. Akala mo kung sinong guwapo.”

“Sino ba ang boss mong iyan?” puno ng curiosity na tanong ni Kix. Naubos na nito ang milk tea na kanina pa nito hawak. Ngayon naman ay matiyaga nitong kinakain ang naiwang yelo. Iba rin itong si Kix, walang ebidensyang natitira sa mga iniinom o kinakain. Mawawalan ng kabuhayan ang *SOCO* rito.

“Si Wolf Gaston, ang may-ari ng *Gaston Chain Hotels*. Kilala mo ang lalaking iyon. Naisulat siya sa mga magazines bilang isa sa richest businessmen in Asia.”

Bigla nitong nalulon ang yelo nang sambitin niya ang pangalan ng binata. Naubo ito at nahawakan ang leeg. “Namputsa, Dix! Totoo? Si Wolf Gaston ang boss mo? Paanong hindi ko alam ito?”

“Hindi ko sinabi sa iyo siyempre dahil alam kong bukod kay Knor Kibs ay kay Wolf Gaston ka lang hangang-hanga.”

“Mabait iyon, mahinahon, responsable, at iba kung magmahal! Ibang Wolf Gaston naman yata ang sinasabi mo. Na-scam ka siguro! Hindi si Wolf ng *GCH* iyang boss mo!” maigting na kontra ni Kix.

“Si Wolf Gaston iyon. Legit. Wala siyang kuwentang tao. Suplado siya sa personal at may kulugo nga sa utak!”

“Hoy, Diosdida, kilala kita! Kuyog-hangin ka, eh. Paiba-iba ang anyo mo. Inaway mo si Wolf, ’no! Nagsuplada ka? Nag-aktong taong bato?” Nagsususpetsa ang tinging ipinukol ng lalaki kay Dixie. “Hindi mo ba kilala si Wolf Gaston? One of the world’s most eligible bachelors, hot CEO, grabe kung magmahal! Remember the Julia Pacete-Clay Santa Maria-Wolf Gaston love triangle story? Wolf had sacrificed so much for Julia!” punumpuno ng emosyon nitong sabi.

Kinunutan niya lang ito ng noo. “Wala akong pakialam kung siya na ang pinakamarubdob kung magmahal at pinakamabait na tao sa buong mundo, dahil hindi siya mabait sa akin—” Naputol ang diskusyon nila nang mag-ring ang cellphone niya. “Si Delilah, kapatid ko.”

“Alam ko, sagutin mo na.”

Alam niyang kapag si Delilah ang tumatawag ay may dala itong masamang balita. Mula Iloilo ay lumipat sila ng Cebu para lumayo sa madrastang si Evita na wala nang ginawa kundi ang pasakitan at iputan sa ulo ang tatay nila.

Hindi naging madali ang desisyon niyang magbitiw sa dating pinagtatrabahuhan dahil maayos

ang sahod at mabait ang boss niya, kaso kung hindi pa nila ilalayo ang ama ay tuluyan na itong mababaliw. Ang madrasta nilang sumama na nga sa ibang lalaki ay may gana pang manghingi ng pera sa tatay nila at ipinaparada pa ang lalaking kinakasama nito na parang tinurukan ng fillers ang mga labi sa sobrang kapal.

May dalawa siyang kapatid na babae na apektado rin sa pinaggagawa ng madrasta nila, sina Delilah at Deborah. Ayaw nang magsipasok sa eskuwela at hindi na rin naglalalabas ng bahay dahil nabu-bully na raw. Kaya lumipat na sila ng Cebu, sa Ninang Carmen niya na mommy ni Kix.

“O, Delilah, napatawag ka?”

“Si Tatay kasi, Ate, biglang nanikip ang dibdib!” bulalas ng kapatid.

“Ha! Bakit daw? Nasaan na ang Tatay? Ano ba ang nangyari?” Nataranta na siya.

“Nakita ko kasi kaninang umaga na hawak-hawak na naman ang picture frame ni Nanay Evita. Sumama ulit siguro ang loob kaya nanikip ang dibdib.”

Natampal niya ang noo. Matigas din kasi talaga ang ulo ng tatay nila. Hindi niya maintindihan kung bakit mahal na mahal nito si Evita. Kung sa bagay, baby pa lang si Deborah nang mamatay sa panganganak ang mama nila. Nasa Grade six na ito

nang mag-asawang muli ang tatay nila, at si Evita na nga iyon. Nakilala di-umano nito sa beer house ang babae at nagalingan sa ginawang pagiling-giling nito kaya ibinahay at pinakasalan.

Wala naman sanang kaso sa kanilang magkakapatid iyon, kahit na galing beer house pa si Evita, kaya lang sobrang sama ng ugali nito. Pero lahat ng kapintasan nito ay hindi nakikita ng tatay nila. Tunay ngang bulag ang umiibig!

“Nasaan na nga si Tatay?”

“Nasa ospital na, Ate, pero baka daw operahan.”

“Ano?” Nahila niya ang buhok sa labis na pagkahindik. “Ikaw ba, sigurado diyan sa mga sinasabi mo, Delilah? Ayusin mo lang!”

“Hindi ko lang sure, Ate, pero parang iyon ang sabi ng doktor. Ay, teka... ano, hindi pala.” Nagbuga ito ng hangin. “Ano ba iyan, nililito mo kasi ako, Ate! Basta, oo, ooperahan daw si Tatay.”

Ngayon, saang kamay ng Diyos naman siya kukuha ng pera? Wala siyang trabaho. Alangan namang humingi pa siya kina Kix at Ninang Carmen niya. Parang natunaw ang mga buto niya sa katawan matapos ang pag-uusap nila ng kapatid sa telepono.

“O, ano ang s’abi ng kapatid mo?” untag ni Kix. “Parang nag-ibang anyo ka na naman, eh.”

“Si Tatay kasi, tinakbo sa ospital,” mahina niyang sambit.

Namilog ang mga mata nito. “Kailan lang? Kailangan mo ng pera? Pahihiramín kita.”

Walang sigla siyang ngumiti at tinapik sa balikat ang binata. “Okay lang kami, Kix. Ako na’ng bahala.”

“Paanong ikaw, eh, wala ka namang trabaho ngayon?”

Aray! Kailangan bang isampal pa sa kanya ni Kix ang katotohanang jobless siya? Muling nag-ring ang phone niya. Ayaw na niyang tingnan ang screen. Baka si Delilah na naman, aatakehin na siya sa puso nito.

“Hindi mo ba sasagutin iyan? Unknown number, o.”

Doon na siya napatitig sa screen ng aparato. “Sige, teka lang, ha.” Tumayo siya at lumayo nang kaunti sa mesa nila dahil baka mag-breakdown na siya sa harapan ni Kix. “Sino ’to?” sagot niya sa tawag.

“Miss Diosdida Niola?”

Buong-buo ang tinig, pormal, parang kilala niya. Parang narinig niya na iyon kanina sa conciliation conference.

“Si Atty. Cayabyab ito.”

Sinasabi na nga ba! Bakit kaya ito napatawag? “Yes, Attorney?”

“Gustong makipag-ayos sa iyo ng kliyente ko.”

Tumaas ang kilay niya. “Si Wolf Gaston?” paniniguro niya. Nagpapatawa naman yata ito.

“Pakisabi sa kliyente n’yo, Attorney, na hindi ako interesado sa—”

“Reinstatement plus 500,000 pesos. Makakabalik ka na sa trabaho ay may makukuha ka pang malaking halaga. That is our offer.”

Nalaglag ang panga ni Dixie. Ito na ang kasagutan sa kanyang problema! Maano bang tiisin na muna niyang makasama ang isang Wolf Gaston kaysa naman may mangyaring masama sa tatay nila kapag hindi ito naoperahan agad.

“Yes, Attorney, tinatanggap ko! Bukas na bukas din, bago pa man sumikat ang araw, ay nasa opisina na ako!”

Between the Devil and the deep blue sea, she would choose Wolf, the Devil.

5



Kinabukasan, hindi pa man sumisikat ang araw ay nasa opisina na siya ni Wolf Gaston. Hinayon niya ng huling tingin ang sarili, suot ang paboritong itim na slacks at sapatos na tila pinahiran ng pomada sa sobrang kintab. Ipinusod niya ang buhok palikod, maayos at wala ni kaunting ligaw na hibla. Suot niya rin ang salamin sa mata.

Naupo siya sa harapan ng computer at tinipa ang kanyang logins at pa*sword. Access granted! Hindi pa pala deactivated ang user credentials niya. Gumuhit ang natutuwang ngiti sa kanyang mga labi.

“Hold it. You better keep that beautiful smile on your face,” ani Wolf, nakasandal sa hamba ng pinto at may magandang ngiti sa labi habang titig na titig sa kanya. Napako ang paningin niya sa kaakit-akit nitong mga mata. Why, Wolf owned a pair of *f*ck-me* eyes! Bumaba sa mga ngiti nito ang tingin niya. Bakit hindi pa ito nakukuhang endorser ng toothpaste? Bah, ito ang hombreng may pinakamagandang set ng ngipin sa balat ng lupa.

Napalunok si Dixie nang umabot sa malapad na dibdib ng binata ang kanyang mga mata. Bumakat sa

bahaging iyon ang abuhing sweatshirt nito. Ipinilig niya ang ulo.

Mundong makasalanan, huwag ako! Hindi ako attracted sa balbon at macho, ano ba!

Tumikhim si Wolf. “Are you okay?”

Payak siyang ngumiti. “Oo naman, okay na okay. A-ang aga mo naman yata?” puna niya. Papisilip pa lang ang haring araw sa labas ng ceiling height gla*s wall na natatabunan ng obsidian black venetian blinds, pero heto at nasa opisina na silang dalawa.

Ngumisi ito. “A little bird told me that you would be here before sunrise.”

Pero hindi maliit si Atty. Cayabyab! Payat, oo, pero hindi ito maliit. “Si Attorney?”

Nagkibit-balikat lang si Wolf. He was too calm and too comfortable. Ayaw niya ng ganoon, masisiraan siya ng bait. Hindi siya sanay na ganoon kumilos ang boss niya. Oo nga at composed ito at totoo namang mabait sa mga empleyado maliban nga lang sa kanya. Sanay na siyang nagsusungit ito palagi. Ayaw niya iyong paalsa-alsa lang ng balikat at pangiti-ngiti. Ano ang nangyari rito? Bakit bigla itong naging mabait sa kanya na parang wala lang may nangyaring pangit sa pagitan nilang dalawa?

“Dinalhan kita ng almusal.” Mula sa likuran ay inilabas nito ang hawak na supot. “Homemade

tinapang bangus and garlic rice.”

“I-ikaw ang nagluto niyan?”

Nagkibit-balikat lang uli ito at dumerecho na sa likod ng executive desk matapos ilapag ang supot na naglalaman ng dalawang food container sa ibabaw ng mesa niya. Bakit bigla naman yatang nagbago ang ihip ng hangin? Siya itong nabansagang kuyog-hangin, pero may iba pa palang taong nag-iibang anyo bukod sa kanya.

Sinundan niya ng tingin ang binata, takang-taka sa inaasal nito. Ngayon niya lang napunang hindi ito nakasuot ng tux o ang regular nitong isinusuot sa opisina. Today, he wore a pair of black drawstring trousers and a grey sweatshirt. Na iyon nga, medyo batak na batak naman yata sa bahaging dibdib kaya kitang-kita niya ang magandang hubog ng dibdib nito—malapad at tila hindi matitibag!

“Uhm... I’ll prepare your coffee, Sir.”

“Hindi na. Nagkape na ako sa bahay.”

“Ah, Sir, may lakad po ba kayo?”

Kumunot ang noo ng lalaki at sinuyod ng tingin ang sarili. “No, nag-jogging kasi ako kanina. Naisipan kong dalhan ka na lang ng pagkain dahil maaga ka ngang pumasok at pa-welcome ko na rin sa muli mong pagbabalik.”

Nahihiwagaan siya rito. “Salamat, kahit hindi

naman na kailangan ng pa-welcome.” Tumayo siya at pinisil-pisil ang mga kamay, tumikhim at ilang ulit na lumunok. Natuon tuloy sa kanya ang mga mata ng binata na matiim kung tumingin. Ang alam niya, hindi siya apektado sa titig nitong iyon noon, bakit ngayon parang sinisilihan ang puwit niya?

“Yes, Dixie? May sasabihin ka?”

“Iyong tungkol sana sa—”

“Sa kalahating milyon? Naideposito ko na sa bank account mo kahapon pa. Hindi pa ba nasasabi sa iyo ni Atty. Cayabyab?” Nagsalubong ang mga kilay nito na hindi naman kakikitaan ng pagkainis o pagkayamot.

“Seryoso ka palang talaga sa offer mong iyon?”

Tumawa ito, maging ang mga mata nito ay naningkit sa bigla nitong pagtawa. Diyos na mahabagin, natutulala siya sa kaguwapuhan ni Wolf! Ano na nga uli iyong iniisip niya tungkol dito nang magkasama sila ni Kix? Na hindi man lang lumaktaw nang kahit isang tibok ang puso niya pagkakita niya rito. Na immune siya sa karisma ng isang Wolf Gaston dahil singkit ang gusto niya na may gla*s skin. Na kahit maghubad pa si Wolf sa harapan niya at magpakita ng tiyan na tadtad ng abs ay wala siyang pakialam.

Pero ngayon natutulala siya sa magandang tawa

ng binata? Paulit-ulit siyang umiling. Hindi siya naguguwapuhan sa boss niya! Nag-iba lang siguro ang tingin niya rito dahil ito ang kasagutan sa kanyang problema, wala nang ibang dahilan pa!

“Yes, I’m serious, Dix. Hindi ginagawang biro ang half-million offer.”

“Thank you, Sir.”

Tumango si Wolf at nagtagal sa mukha niya ang mga mata nito. “No problem.”

“Uhm... Sir, bakit ang bait n’yo po sa akin?” hindi na niya napigilang itanong, naiilang na siya sa mga ikinikilos nito.

“Mabait naman talaga ako, Dixie. We just probably started off on the wrong foot.” In-off nito ang computer at humarap sa kanya. “Alright, from now on, I promise, kung ano man ang mga naging hindi natin pagkakaintindihan noon ay hinding-hindi na ulit mangyayari,” anito, sabay ngiti sa kanya.

Napipilan siya. Totoo ba talaga ang lahat ng ito?



“Ate, bakit ba galaw ka nang galaw diyan?” reklamo ni Delilah. Katabi niyang matulog ang dalawang kapatid na babae. Siya ang nakahiga sa dulong kanan, sa gitna ay si Delilah at sa kabilang dulong gilid naman ay si Deborah. Nasa ospital pa rin ang ama nila pero stable na ang kondisyon nito

at inoobserbahan bago isagawa ang operasyon sa puso. Alam niyang baka kulangin pa ang kalahating milyon, pero bahala na siyang gawan iyon ng paraan. Ang mahalaga, may trabaho na uli siya para panustos sa mga gastusin sa ospital.

“Ate, kung ayaw mo pang matulog, baka naman puwedeng tumigil ka na lang sa kagagalaw.”

Bumuntong-hininga siya at bumangon, saka sinabunutan ang sarili. Alas ocho pa lang ng gabi pero maaga silang natulog. Maaga siyang pinauwi ni Wolf kaya maaga nilang natapos na magkakapatid ang mga gawaing-bahay. Bakit ba hindi siya makatulog? Bumaba siya ng kama at kinuha ang maliit na kahong pinaglalagyan niya ng mga pictures ni Vetsin at ng grupong *Shinonga*.

Nag-focus siya sa mukha ni Vetsin. “Ikaw lang ang guwapo para sa akin, Baby Vets, wala nang iba.” Pero parang tüksong lumitaw sa kanyang balintataw ang nakangiting mukha ni Wolf. Nagulat siya at nabitiwan ang picture. Parang nalasahan niya ring bigla sa dila ang masarap na homemade tinapang bangus and garlic rice ng binata. “Nakakainis! Hindi kita gusto, hindi kita gusto!” Nang hawakan naman niya ang picture ay biglang nawala ang mukha ni Wolf at si Vetsin na ulit ang nakikita niya roon.

Padabog niyang isinuot ang tsinelas at lumabas

ng bahay. Naupo siya sa duyang abaka na itinali sa katawan ng dalawang puno, at tinanaw ang tahimik na kalsada sa labas ng mababang bakod nila kahit na malabo iyon dahil wala siyang suot na salamin. Pumarada ang itim na sasakyan sa labas ng gate at may bumabang lalaki. “Kix?” Naniningkit ang mga mata niya at pilit na sinisino ang bagong dating.

Lumapit siya sa gate at minasdan ang lalaki. “Kix?” Hindi niya ito maaninag nang husto at medyo madilim din sa bandang kinatatayuan nito. “Hoy, Kix! Ano’ng ginagawa mo diyan?”

Humakbang palapit ang lalaki at natamaan ng liwanag mula sa ilaw ng poste ang mukha nito. Si Wolf! Napanganga siya. Pero ano naman ang gagawin ng isang Wolf Gaston sa harapan ng bahay nila sa ganitong oras ng gabi? Napasimangot siya, dinadaya na naman siguro siya ng kanyang malabong mga mata at makulit na imahinasyon.

“*Namputs*a, nakakainis ka na Wolf, ha! Kanina ka pa nagpapakita sa akin! Ayaw mo akong patulugin, bakit ba? Kaya siguro hindi ako makatulog kasi iniisip mo ako! Buwisit ka! O, puwede ka nang maglaho!”

Hindi umimik ang sa tingin niya ay aparisyon ni Wolf, titig na titig lang ito sa kanya.

Inunat ni Wolf ang kamay para abutin ang aparisyon at para maglaho na. Pero hinuli nito ang

kamay niya. Mainit ang kamay nito, malaki, at sapung-sapo ang kanyang pupulsuhan. Kung aparisyon ito, o produkto lang ng kanyang imahinasyon, bakit nahahawakan siya nito?

Kumakabog ang dibdib, tinitigan niya ulit ang kaharap. “S-Sir Wolf?”

“I couldn’t sleep either. Now I know why, iniisip mo rin pala ako.”

Nanlaki ang mga mata niya. “Totoo ka!”

Nalintikan na.